Manatiling ligtas mula sa mga variant ng COVID-19

Kapag ang **virus ay nag-mutate** (nag-iba), ang bagong klase ay tinatawag na **variant. Ang pagpapabakuna kontra COVID-19 ay makakatulong para mapigilan ang paglaganap ng mga variant.**

TAPATANG USAPAN TUNGKOL SA COVID-19

Ano ang dapat malaman tungkol sa mga variants

- Kung mas maraming tao ang magkakasakit, ang virus na sanhi ng COVID-19 ay mas maraming pagkakataon ang virus na mag-iba at **lalabas ang mga bagong variant**. Ang mga bakuna ay maaaring hindi na kasing bisa laban sa darating na variant.
- Ang ibang variant ay **mas madaling kumalat** at **mas magkakasakit** ang mga tao.
- Mas maraming tao ang **magkakasakit ng grabe** o **mamatay** kung kumalat ang isang variant.
- Kung **mas maraming tao ang nabakunahan**, mas maraming tao ang **protektado sa mga variant.**

Ang mga bakuna ay makakatulong sa pagpigil sa mga variant

- Isa sa mga **pinakamabuting paraan** para mapigil ang pagkalat ng mga variant ay **magpabakuna sa COVID-19.**
- **Ligtas at mabisa ang mga bakuna** sa COVID-19 laban sa kilalang mga variant.

Panatilihing ligtas ang sarili at ang iba

- Ang **kawani sa pangmatagalang Pasilidad sa Pag-aalaga** na **nabakunahan sa COVID-19** ay mapapanatili ang sarili nila, ng kanilang pamilya at ng kanilang pasyente ng **ligtas**.
- **Ang mga matatanda at mga taong immunocompromised** ay mas mataas ang panganib sa mga komplikasyon dahil sa COVID-19.

Kunin ang iyong LIBRENG bakuna!

Alamin pa sa VDH Patient Education - Impormasyon sa Bakuna
(vdh.virginia.gov/covid-19-vaccine/patient-education/)

VDH VIRGINIA DEPARTMENT OF HEALTH